
2

# Araling Panlipunan

## Ikaapat na Markahan – Modyul 3:
## Mga Karapatan sa Komunidad




ALTERNATIVE DELIVERY MODE

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Araling Panlipunan – Ikalawang Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Ikaapat na Markahan – Modyul 3: Mga Karapatan sa Komunidad**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Michael L. Santos
**Editor:** Rosalie V. Feliciano
**Tagasuri:** Annalyn L. German EdD, Emmanuel V. De Mesa
Maria Eleonor D. Gavino
**Tagaguhit:** Kharlyn P. Banzon
**Tagalapat:** Mark Greg C. Binasoy
**Tagapamahala:**
Nicolas T. Capulong PhD, CESO V
Librada M. Rubio PhD
Ma. Editha R. Caparas EdD
Nestor R. Nuesca EdD
Rolando T. Sotelo DEM
Annalyn L. German EdD
Emmanuel V. De Mesa

**Inilimbag sa Pilipinas ng Kagawaran ng Edukasyon – Rehiyon III**
Office Address: Matalino St. D.M Government Center, Maimpis, City of San Fernando (P)
Telefax: (045) 598-8580 to 89
E-mail Address: region3@deped.gov.ph

2

# Araling Panlipunan

## Ikaapat na Markahan – Modyul 3: Mga Karapatan sa Komunidad

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

# Paunang Salita

Para sa tagapagdaloy:

Malugod na pagtanggap sa asignaturang Araling Panlipunan, Ikalawang Baitang ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul para sa araling Mga Karapatan sa Komunidad!

Ang modyul na ito ay pinagtulungang dinisenyo, nilinang at sinuri ng mga edukador mula sa pambuliko at pampribadong institusyon upang gabayan ka, ang gurong tagapagdaloy upang matulungang makamit ng mag-aaral ang pamantayang itinakda ng Kurikulum ng K to12 habang kanilang pinanagumpayan ang pansarili, panlipunan at pang-ekonomikong hamon sa pag-aaral.

Ang tulong-aral na ito ay umaasang makauugnay ang mag-aaral sa mapatnubay at malayang pagkatuto na mga gawain ayon sa kanilang kakayahan, bilis at oras. Naglalayon din itong matulungan ang mag-aaral upang makamit ang mga kasanayang pan-21 siglo habang isinasaalang-alang ang kanilang mga pangangailangan at kalagayan.

Bilang karagdagan sa materyal ng pangunahing teksto, makikita ninyo ang kahong ito sa pinakakatawan ng modyul:

*Mga Tala para sa Guro*

Ito'y naglalaman ng mga paalala, panulong o estratehiyang magagamit sa paggabay sa mag-aaral.

Bilang tagapagdaloy, inaasahang bibigyan mo ng paunang kaalaman ang mag-aaral kung paano gamitin ang modyul na ito. Kinakailangan ding subaybayan at itala ang pag-unlad nila habang hinahayaan silang pamahalaan ang kanilang sariling pagkatuto. Bukod dito, inaasahan mula sa iyo na higit pang hikayatin at gabayan ang mag-aaral habang isinasagawa ang mga gawaing nakapaloob sa modyul.

Para sa mag-aaral:

Malugod na pagtanggap sa Araling Panlipunan, Ikalawang Baitang ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul ukol sa Mga Karapatan sa Komunidad!

Ang modyul na ito ay ginawa bilang tugon sa iyong pangangailangan. Layunin nitong matulungan ka sa iyong pag-aaral habang wala ka sa loob ng silid-aralan. Hangad din nitong madulutan ka ng mga makabuluhang oportunidad sa pagkatuto.

Ang modyul na ito ay may mga bahagi at icon na dapat mong maunawaan.

| | |
|---|---|
| *Alamin* | Sa bahaging ito, malalaman mo ang mga dapat mong matutuhan sa modyul. |
| *Subukin* | Sa pagsusulit na ito, makikita natin kung ano na ang kaalaman mo sa aralin ng modyul. Kung nakuha mo ang lahat ng tamang sagot (100%), maaari mong laktawan ang bahaging ito ng modyul. |
| *Balikan* | Ito ay maikling pagsasanay o balik-aral upang matulungan kang maiugnay ang kasalukuyang aralin sa naunang leksyon. |
| *Tuklasin* | Sa bahaging ito, ang bagong aralin ay ipakikilala sa iyo sa maraming paraan tulad ng isang kuwento, awitin, tula, pambukas na suliranin, gawain o isang sitwasyon. |

| | |
|---|---|
| *Suriin* | Sa seksyong ito, bibigyan ka ng maikling pagtalakay sa aralin. Layunin nitong matulungan kang maunawaan ang bagong konsepto at mga kasanayan. |
| *Pagyamanin* | Binubuo ito ng mga gawaing para sa mapatnubay at malayang pagsasanay upang mapagtibay ang iyong pang-unawa at mga kasanayan sa paksa. Maaari mong iwasto ang mga sagot mo sa pagsasanay gamit ang susi sa pagwawasto sa huling bahagi ng modyul. |
| *Isaisip* | Naglalaman ito ng mga katanungan o punan ang patlang ng pangungusap o talata upang maproseso kung ano ang natutuhan mo mula sa aralin. |
| *Isagawa* | Ito ay naglalaman ng gawaing makatutulong sa iyo upang maisalin ang bagong kaalaman o kasanayan sa tunay na sitwasyon o realidad ng buhay. |
| *Tayahin* | Ito ay gawain na naglalayong matasa o masukat ang antas ng pagkatuto sa pagkamit ng natutuhang kompetensi. |

| | |
|---|---|
| *Karagdagang Gawain* | Sa bahaging ito, may ibibigay sa iyong panibagong gawain upang pagyamanin ang iyong kaalaman o kasanayan sa natutuhang aralin. |
| *Susi sa Pagwawasto* | Naglalaman ito ng mga tamang sagot sa lahat ng mga gawain sa modyul. |

Sa katapusan ng modyul na ito, makikita mo rin ang:

| | |
|---|---|
| *Sanggunian* | Ito ang talaang pinagkuhanan sa paglikha o paglinang ng modyul na ito. |

Ang sumusunod ay mahahalagang paalala sa paggamit ng modyul na ito:

1. Gamitin ang modyul nang may pag-iingat. Huwag lalagyan ng anomang marka o sulat ang anomang bahagi ng modyul. Gumamit ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.
2. Huwag kalimutang sagutin ang *Subukin* bago lumipat sa iba pang gawaing napapaloob sa modyul.
3. Basahing mabuti ang mga panuto bago gawin ang bawat pagsasanay.
4. Obserbahan ang katapatan at integridad sa pagsasagawa ng mga gawain at sa pagwawasto ng mga kasagutan.
5. Tapusin ang kasalukuyang gawain bago pumunta sa iba pang pagsasanay.
6. Pakibalik ang modyul na ito sa iyong guro o tagapagdaloy kung tapos nang sagutin lahat ng pagsasanay.

Kung sakaling ikaw ay mahirapang sagutin ang mga gawain sa modyul na ito, huwag mag-aalinlangang konsultahin ang inyong guro o tagapagdaloy. Maaari ka rin humingi ng tulong kay nanay o tatay, o sa nakatatanda mong kapatid o sinuman sa iyong mga kasama sa bahay na mas nakatatanda sa iyo. Laging itanim sa iyong isipang hindi ka nag-iisa.

Umaasa kami, sa pamamagitan ng modyul na ito, makararanas ka ng makahulugang pagkatuto at makakakuha ka ng malalim na pang-unawa sa kaugnay na mga kompetensi. Kaya mo ito!

## Alamin

Sa modyul na ito ay tatalakayin ang mga karapatan na dapat ibinibigay sa mga kasapi ng komunidad at kung paano mapapangalagaan ang karapatan na ito.

Pagkatapos ng modyul na ito, ang mga mag-aaral ay inaasahang:

1. nasasabi ang mga karapatan ng bawat kasapi sa mga serbisyong ibinibigay ng komunidad; (AP2PKK-IVb-3)
2. nakapagbibigay ng pasasalamat sa pagtupad ng komunidad sa mga karapatang tinatamasa; at
3. napahahalagahan ang mga naibibigay na paglilingkod/serbisyo mula sa komunidad.

## Subukin

Panuto: Iguhit ang kahon (□)kung wasto ang isinasaad ng pangungusap at bilog (◯) kung hindi . Ilagay ang sagot sa sagutang papel.

1. Ang bawat bata sa komunidad ay dapat nakapag-aaral.
2. Magandang tumira sa bahay na barong-barong na nasa gilid lamang ng estero.
3. Kinakailangan na may pangalan ang bawat tao sa komunidad at nakarehistro.
4. Dapat sumunod ang mga bata sa payo ng mga magulang.
5. Masayang maglaro sa palaruan kung ito ay malinis.

# Aralin 3 Mga Karapatan sa Komunidad

Ang karapatan ay batayan ng karapat-dapat na kalayaan para sa lahat ng tao, anomang edad, kulay, kasarian, relihiyon, wika, paniniwalang politikal, nasyonal o panlipunang pinanggalingan.

Ang tungkulin bilang tugon sa karapatan ay hindi para sa sarili lamang. Sa halip, ito ay para sa ating pamilya, komunidad, at bansa.

## *Balikan*

Panuto: Hanapin mula sa kahon kung sino ang inilalarawang nagbibigay serbisyo sa komunidad.

| | |
|---|---|
| bumbero | guro |
| doktor | magsasaka |
| karpintero | tubero |

1. nagtatanim ng palay, gulay, at prutas
2. gumagawa ng bahay, mesa, at iba pang kagamitan
3. pumapatay ng sunog sa komunidad
4. nag-aayos ng sirang gripo
5. pangalawang magulang ng mga mag-aaral

## Tuklasin

### Tayo'y May Karapatan

Ang karapatan ay mga pangangailangan at mithiin na dapat makamit ng tao upang mabuhay nang may dignidad. Dahil sa mga karapatang ito, malayang nakapag-iisip ang tao. Ito rin ang nagiging daan para mapaunlad ang kanyang sarili at ang bayan.

Katulad ng lahat ng tao, ang mga bata ay may mga karapatan din. Malaki ang tungkulin ng komunidad na pangalagaan ang karapatan ng mga bata.


Dapat tiyaking nakakamit ng bawat tao at iginagalang ng bawat kasapi ng komunidad ang mga karapatang ito.

Ang ilan sa mga karapatang ito ay:

1. Karapatang matugunan ng sapat ang mga pangangailangan
2. Karapatang mabigyan ng proteksiyon
3. Karapatang lumahok sa mga programa at serbisyong pambata sa komunidad

Napakahalagang malaman ang ating mga karapatan. Nakakamit ba natin ito sa ating mga komunidad?

Alamin natin ang ilang mga karapatan ng batang tulad mo. Narito ang usapan ng ilang mga bata.




Masaya akong pumapasok sa aming paaralan. Maliit lamang ito, subalit libre ang lahat ng mga pangangailangan ko.Sinusuportahan ito ng aming komunidad. Tungkulin kong mag-aral nang mabuti upang matupad ang aking mga pangarap.
Malaya akong nakapaglalaro sa plasa ng aming komunidad. Ligtas at maraming palaruan ang ipinagawa ng kapitan ng barangay. Tungkulin kong ingatan ang mga kagamitan dito.

Panuto: Sagutan sa papel ang mga tanong mula sa usapan ng ilang mga bata.

1. Ano-anong karapatan ang nabanggit ng mga bata?
2. Ano-anong mga tungkulin ang dapat gampanan sa bawat karapatan?
3. Sino ang sumusuporta sa libreng pag-aaral ng mga mag-aaral?
4. Sino ang nagpagawa ng mga palaruan sa komunidad?
5. Sino ang tumulong sa mga bata upang mabigyan ng pangalan at maparehistro?

## *Suriin*

Mahalagang malaman nang maaga ang mga karapatan ng bawat isa sa komunidad. Mahalaga ring mapangalagaan at maintindihan ang limitasyon ng mga karapatang ito.

Ang karapatan ay mga pangangailangang dapat tinatamasa ng isang tao upang makapamuhay nang maayos.

Ang tungkulin ay mga pananagutang dapat gawin ng isang tao katumbas ng mga karapatang kanyang tinatamasa.

Mahalagang matamo ng bawat bata ang kanyang mga karapatan upang lumaki siyang maayos at kapaki-pakinabang sa kanyang sarili, pamilya at komunidad.


Ang katumbas na tungkulin ng bawat karapatan ay dapat isagawa nang buong puso at may pagkukusa.

# Pagyamanin


Gawain A

Panuto: Piliin mula sa kahon ang mga karapatang pambata na ipinakikita sa mga larawan. Isulat ang sagot sa sagutang papel.


1. maging ligtas sa anomang uri ng sakit
2. magkaroon ng maayos na tahanan
3. makapaglaro at makapaglibang
4. magkaroon ng malakas at malusog na pangangatawan
5. makapamuhay sa isang maayos, malinis at tahimik na pamayanan
6. makapag-aral





karapatang ________________



karapatang ________________




karapatang ________________



karapatang ________________



karapatang ________________

Gawain B

Panuto: Isulat ang tsek (✓) kung ipinatutupad ng komunidad ang karapatan nang maayos at ekis naman (✗) kung hindi. Ilagay ang sagot sa sagutang papel.

1. Maganda ang plasa ng aming komunidad. Marami ang mga batang ligtas na nakapaglalaro rito tuwing walang pasok sa paaralan.

2. Hindi nag-aaral si Carlo dala ng kahirapan. Ngunit dahil sa libreng edukasyon, tinulungan siya ng isang kagawad ng barangay na makapasok sa paaralan.
3. Maraming mga bata ang may angking kakayahan sa pag-awit at pagsayaw sa aming komunidad. May proyekto ang aming kapitan na paligsahang pangkultural upang malinang ang kakayahang ito.
4. Nakatira sa gilid ng estero ang pamilya ni Ramil. Iniiwasan nila ang magtapon ng basura rito ngunit marami pa din ang nagtatapon na taga ibang lugar na hindi hinuhuli.
5. Sa tuwing uutusang bumili si Mark sa tindahan ay natatakot siyang lumabas. Marami ang nakatambay dito at magulo ang kanilang lugar na hinahayaan lamang ng kapitan ng Barangay.

## *Isaisip*

Panuto: Iguhit ang bituin (☆)kung wasto ang isinasaad ng pangungusap at ekis naman (×) kung hindi wasto. Ilagay ang sagot sa sagutang papel.

1. Karapatan ng mga batang lumahok sa mga gawain ng pamayanan.
2. Karapatan ng mga bata na mabigyan ng proteksyon laban sa iba't-ibang pang-aabuso.
3. Karapatan ng mga bata na lumaki sa piling ng isang mapagmahal na pamilya.

4. Masaya ang mga batang nakararanas ng iba't-ibang uri ng pananakit.
5. Karapatan ng mga bata na matugunan ang kanilang pangangailangan tulad ng pagkain, maayos na damit at tirahan.

## *Isagawa*

Panuto: Basahin ang mga sitwasyon. Sagutan ang mga tanong na nasa hulihan ng bawat bilang at isulat sa sagutang papel.

1. Kumakain ng mga bata ng masustansyang pagkain sa tamang oras. Anong karapatan ang naibibigay sa mga bata?
2. Ligtas at maayos na kapaligiran ang kailangang tirahan ng mga bata subalit sa gilid ng kalsada sila nakatira at barong-barong ang kanilang bahay. Anong karapatan ang **hindi** nakamit ng mga bata?
3. Hindi nakokolekta ang mga basura sa komunidad kaya nagkalat ang mga ito sa kalsada. Anong karapatan ang h**indi** nakamit ng mga naninirahan dito?
4. Nagsusuot ng **face mask** ang mga tao tuwing lumalabas ng kanilang tahanan dahil sa banta ng **Covid-19.** Anong karapatan ang nakamit ng mga kasapi ng komunidad?

5. Dahil sa banta ng **Covid-19** ipinatutupad ang social distancing sa mga pampublikong lugar. May isang pamilihan na dikit-dikit at nagsisiksikan ang mga tao. Anong karapatan ang **hindi** natupad sa pamilihan?

## *Tayahin*

Panuto: Basahin at unawaing mabuti ang bawat tanong.Piliin at isulat ang letra na tamang sagot sa sagutang papel.

1. Si Carlo ay nagkasakit at ipinagamot ng kanyang mga magulang. Anong karapatan ang ipinakikita rito?
   A. karapatang makapag-aral
   B. karapatang mabigyan ng kasuotan
   C. karapatan sa pangangalagang medikal
   D. karapatang makapaglaro at maglibang
2. Alin ang dapat ibigay sa mga bata upang sila ay maging malusog?
   A. mga aklat
   B. mga damit
   C. mga laruan
   D. mga masustansyang pagkain
3. Pangarap ni John na maging matagumpay na pulis pagdating ng araw. Kaya siya ay pinapapasok ng kanyang mga magulang sa malapit na paaralan ng kanilang lugar. Anong karapatan ito?
   A. karapatang medikal

B. karapatang makapaglaro
C. karapatang makapag-aral
D. karapatang mabigyan ng kasuotan

4. Ano ang dapat pahalagahan sa bawat karapatang natatamo?
A. kagustuhan ng ibang tao
B. pagsasawalang bahala
C. pananagutan sa bawat ginagawa
D. pansariling kagustuhan

5. Gusto ni Michael na makapag-aral sa isang paaralan. Anong pangangailangan ang dapat ibigay sa kanya?
A. kalusugan
B. karapatan
C. edukasyon
D. kayaman

## *Karagdagang Gawain*

Panuto: Gumawa ng tatlo (3) o higit pang pangungusap upang mabuo ang liham pasasalamat para sa iyong komunidad sa pagpapatupad ng tinatamasa mong mga karapatan.

> ____________________
> Petsa
>
> Mahal kong ___________,
>
> Maraming salamat sa ____________________________________
> ____________________________________________________________
> ____________________________________________________________
> ____________________________________________________________.
>
> Nagmamahal,
> ____________________
> Pangalan

Rubrik

| Kraytirya | 1 | 2 | 3 | 4 | 5 |
|---|---|---|---|---|---|
| Presentasyon | Mahirap basahin ang mga pangungusap dahil hindi maayos at hindi rin malinis ang pagkakasulat. | May kahirapang unawain ang pagkakasulat ng pangungusap at hindi naipahayag nang mabisa ang nilalaman ng sulat | Malinis ngunit hindi maayos na naisulat ang lahat pangungusap at hindi rin naipahayag nang mabisa ang nilalaman ng sulat | Malinis at maayos na naisulat ang liham ngunit hindi naipahayag nang mabisa ang nilalaman ng sulat | Malinis at maayos na naisulat ang liham. Naipahayag nang mabisa ang nilalaman ng sulat |

# Susi sa Pagwawasto

**Subukin**

1.
2.
3.
4.
5.



**Balikan**

1. magsasaka
2. karpintero
3. bumbero
4. tubero
5. guro

**Isaisip**

1.
2.
3.
4. X
5.



**Tuklasin**

1. karapatang mabigyan ng pangalan, mabigyan ng sapat na pag-aalaga, mapag-aral, at pakapaglaro.
2. ingatan at sumunod sa mga magulang.
3. ang komunidad
4. komadrona
5. Dahil sa matiyagang pagbabantay at pagpapatrol ng mga tanod

**Pagyamanin**

A.
1. Magkaroon ng malusog at malakas na pangangatawan
2. Makapamuhay sa isang maayos, malinis at tahimik na pamayanan
3. Makapag-aral
4. Makapaglaro at makapaglibang
5. Magkaroon ng maayos na tahanan

B.
1. /
2. /
3. /
4. x
5. x

**Isagawa**

1. Magkaroon ng malusog at malakas na pangangatawan
2. Magkaroon ng maayos na tahanan
3. Makapamuhay sa isang maayos, malinis, at tahimik na pamayanan.
4. Maging ligtas sa anumang uri ng sakit
5. Maging ligtas sa anumang uri ng sakit

**Tayahin**

1. C
2. D
3. C
4. C
5. C

# *Sanggunian*


Cruz, Gloria M. et.al. 2013. *Araling Panlipunan 2 Kagamitan ng Mag-Aaral.* Vibal Publishing House, Inc.

Gomez, Ma. Arsenia C., and Clamor-Canlas, Ma. Louren. 2015. *Tuklas Lahi Serye sa Araling Panlipunan 2: Edisyong K-12.* Bonanza Plaza 2, Block 1, Lot 6, Hilltop Subdiv. Greater Lagro, Novaliches, Quezon City, Philippines. Brilliant Creations Publishing, Inc.

Laggui, Charito N., and dela Cruz, Ninia H. 2015. *Araling Panlipunan 2 Pagsusuri: Edisyong 2015, Mapanuring implementasyon ng K to 12.* Ibon Center, 114 Timog Avenue, Quezon City, Philippines. IBON Foundation, Inc.

Nem-Varon, Diana.2020. *Kamalayang Panlipunan 2: Ang Aking Komunidad, Noon at Ngayon.* Abiva Bldg., 851 G. Araneta Ave., 1113 Quezon City, Philippines. ABIVA Publishing House, Inc.

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph